



DEVELOPMENTAL DISABILITIES ADMINISTRATION (DDA)

## Pagbibigay-alam sa Pag-expire ng Pagiging Karapat-dapat sa Edad na Apat (4)

### Notification of Age Four (4) Eligibility Expiration

PANGALAN NG KLIYENTE AT ADDRESS

PANGAAN NG KINATAWAN AT ADDRESS

#### RE: PAGBIBIGAY-ALAM SA PAG-EXPIRE NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA EDAD NA APAT (4)

Ang iyong anak ay kasalukuyang kliyente sa Pangasiwaan ng Pag-unlad ng mga Kapansanan (Developmental Disabilities Administration, DDA) Marahil ay naging karapat-dapt siya sa DDA dahil sa kanyang pagpapatala sa isang birth-to-three na programa o ang Medically Intensive Children's Program. Ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa DDA ay mag-expire sa kanyang ikaapat na kaarawan. Upang manatili ang iyong anak na karapat-dapat sa DDA, kailangan mong mag-reapply bago mag-apat na taon ang iyong anak. Kailanangan na muling matukoy ang iyong anak na karapat-dapt dahil sa isa sa mga kondisyon na naklaista sa Talaan ng Kinakailangang Dokumentasyon (Required Documentation Table), na nakalakip.

#### Paano mag-reapply:

Makipag-ugnayan sa kawani na Intake & ELigibility ng DDA ng pinakamababang 90 araw bago ng ikaapat na kaarawan ng iyong anak upang humiling ng re-application na pakete. Maari mo itong gawin sa pamamagitan ng sulat o sa pagtawag sa telepono na nakalista sa ibaba. Ang isang pakete ng application ay ipapadala sa iyo. Maari ka ring makakuha ng mga dokumento ng application online sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://www.dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility>.

#### Paano kung hindi ako mag-reapply?

Kung hindi ka hihiling ng reapplication na pakete o kung hindi mo ibalik ang application ng pinakamababang 60 araw ay mag-expire ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa kanyang ikaapat na kaarawan sa DDA. Kapag tumanggap ang iyong anak ng bayad na serbisyo sa DDA, ang serbisyo ay magtatapos sa kanyang pag-apat na kaarawan.

**Ang pag-expire ng pagiging karapat dapat sa DDA ay hindi makakaapekto sa pakikisali sa Special Education na mga programa o pagiging karapat-dapat sa SSI. O kahit anuman na ibang serbisyo ng DSHS na maaring tinatangap mo, tulad ng Medicaid, TANF o food stamps.**

Mangyaring tumugon sa pinakamadaling panahon, ngunit sa pinakamababang 90 araw bago ng ikaapat na kaarawan ng iyong anak. Kung wala kaming marinig mula sa iyo, ipagpalagay namin na ayaw mong ituloy ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa DDA. Sa kawalan ng wasto na pagdokumento ng isang karapat-dapat na kalagayan hanggang sa apat (4) na taong gulang ng iyong anak ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak sa DDA at mga serbisyo ng DDA ay mag-expire sa kanyang ikaapat (4th) na kaarawan.

Kung mayroon kang mga tanong o gustong humiling ng pakete, mangyaring makipag-ugnay

---

PANGALAN

NUMERO NG TELEPONO

EMAIL ADDRESS

Isang kopya ng mga patakarán ng estado ukol sa pagiging karapat-dapat ay magagamit kapag hiniling online sa <https://www.dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility>.

cc: File ng kliyente

**Talaan ng Kinakailangan na Dokumentasyon**

KONDISYON NG KAPANANAN	EDAD	PAGKILALA SA SAKIT	KUMIKILALA SA SAKIT (DIAGNOSTICIAN)	IBA PANG MGA TALAAN
Pagka-antala ng Pag-unlad	Edad 4 hanggang 9	Pagka-antala ng Pag-unlad	Isang propesyonal na kualipikado upang mangasiwa sa mga pagsusuri ng pag-unlad o pagtatasa	Edad 4 hanggang 9 - Tatlo o higit pang mga pagkaantala ng -1.5 SD o 25% ng magkakasunod na taon batay sa kasalukuyang pagtatasa sa loob ng nagdaang 12 na buwan.
Masinsinan na Medikal	Pagkapanganak hanggang 17			Karapat-dapat para sa Medikal na Masinsinang Pambata na Programa (Medically Intensive Children's Program).
Kapansanang Pang-intelektwal	Edad 4 hanggang mas matanda	Kapansanang Pang-intelektwal (dating Mental Retardation)	Isang Lisensyadong Psychologist, Sertipikadong Psychologist sa Paaralan ng Washington o iba pang psychologist ng paaralan na sertipikado ng Pambansang Samahan ng mga Psychologist ng Paaralan	Kumpletong Sikolohikal na ulat kasama ang Kumpletong Scale ng IQ score na mahigit sa dalawang standard deviation sa ibaba sa mean, at score sa pagsusuri sa kakayahang umangkop na mahigit sa dalawang standard deviation na mababa sa mean.
Cerebral Palsy	Edad 4 hanggang mas matanda	Cerebral Palsy Pagkaparalisa ng mga kamay at paa (Quadriplegia) Pagkaparalisa ng isang bahagi ng katawan (Hemiplegia) Pagkaparalisa ng mga bahagi ng katawan sa parehong tagiliran (Diplegia)	Lisensyadong Doktor	Ang pagsisimula bago ang edad na 3, at impormasyon na sumusuporta sa pangangailangan para sa araw-araw na direktang tulong na pisikal sa dalawa o mahigit pang mga bahagi (pagpunta sa banyo, pagligo, pagkain, pagbibihis, paggalaw, o pakikipag-usap).
Epilepsya	Edad 4 hanggang mas matanda	Epilepsya o Seizure disorder	Neurologist na Sertipikado ng Board	Pagkilala sa sakit na batay sa medikal na kasaysayan at pagsusuri na ukol sa isip, pagkumpirma mula sa doktor o neurologist ng hindi makontrol at patuloy o paulit-ulit na mga seizure, at pagsusuri sa kakayahang umangkop na nagpapakita ng mga malaking limitasyon sa paggana sa pag-angkop ng mahigit sa dalawang standard deviation na mababa sa mean.
Autism (per DSM-IV)	Edad 4 hanggang mas matanda	Autism o Sakit ng Autistic Ayon sa 299.00 in DSM-IV-TR	Isang Lisensyadong Psychologist, Advanced Registered Nurse Practitioner (ARNP) na may kaugnayan sa Autism o developmental o ang Sertipikado ng Board: Neurologist, Psychiatrist, o Pediatrician (Doktor sa Bata) sa Paglaki at Pag-uugali	Kumpletong pagsusuri alinsunod sa DSM IV na natutugunan ang lahat ng pamantayan ng pagkilala sa sakit, ebidensiya ng pagkaantala o hindi normal na paggana bago ang edad na 3 sa pakikisalamuha, wika, kakayahan sa pakikipag-usap o larong makahulugan o mapanlikha, at pagsusuri sa kakayahang umangkop na nagpapakita ng mga malaking limitasyon sa paggana sa pag-angkop ng mahigit sa dalawang standard deviation na mababa sa mean.
Autism Spectrum Disorder (per DSM-V)	Edad 4 hanggang mas matanda	Autism Spectrum Disorder 299.00 Alinsunod sa DSM-5 kasama ang antas ng kalubhaan na 2 o 3 sa parehong hanay	Isang Lisensyadong Psychologist, Advanced Registered Nurse Practitioner (ARNP) na may kaugnayan sa Autism o developmental o ang Sertipikado ng Board: Neurologist, Psychiatrist, o Pediatrician (Doktor sa Bata) sa Paglaki at Pag-uugali	Kumpletong pagsusuri alinsunod sa DSM-5 na natutugunan ang lahat ng pamantayan ng pagkilala sa sakit, ebidensiya ng pagkaantala o hindi normal na paggana bago ang edad na 3 sa pakikisalamuha, wika, kakayahan sa pakikipag-usap o larong makahulugan o mapanlikha, at pagsusuri sa kakayahang umangkop na nagpapakita ng mga malaking limitasyon sa paggana sa pag-angkop ng mahigit sa dalawang standard deviation, at FSIQ ng isang standard deviation o mahigit pa na mababa sa mean – o – matugunan ang lahat ng pamantayan para sa Sakit na Autistic 299.00 alinsunod sa DSM-4.
Isa pang Ukol sa Isip o Iba pang Kondisyon na Katulad ng Kapansanang Pang-intelektwal	Edad 4 hanggang mas matanda	Sakit na ukol sa isip o chromosomw na kilalang nagdudulot ng mga kakulangan sa kakayahang pang-intelektwal at pag-angkop	Lisensyadong Doktor	Kumpletong Scale ng IQ score ng mahigit sa 1.5 standard deviation na mababa sa mean, at pagsusuri sa kakayahang umangkop na nagpapakita ng mga malaking limitasyon sa paggana sa pag-angkop ng mahigit sa dalawang standard deviation na mababa sa mean.
<b>Tandaan: Ang form na ito ay isang pangkalahatang gabay lamang at maaaring mangailangan ang DDA ng karagdagang impormasyon o mga pagtatasa. Ang dokumentasyon na ito ay ang unang hakbang sa pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat. Ang pagiging karapat-dapat sa DDA ay pinagpapasiyahan alinsunod sa WAC Kabanata 388-823.</b>				